Awtoridad sa Pabahay ng County ng San Diego

Pulong ng Lupon ng Tagapayo sa Residente

Huwebes ika-9 ng Disyembre 2021 | alas 9:30 ng umaga - alas 11:00 ng umaga

Microsoft Teams

Mga Minuto ng Pulong

Pagkakasunud-sunod ng Negosyo

Mga Dumalo**:**

Awtoridad sa Pabahay: (4) A. McCall, M. Mercier, R. Ramirez, S. Moore

Lupon ng Tagapayo sa Residente (Resident Advisory Board): C. Wollas, D. Simpson, A. Acosta, S. Rodriguez, R. Jacobs, M. McKell, A. Reyes, C. Castillo

Mga Bisita: Apatnapu't-tatlong Miyembro ng publiko kabilang ang mga Residente ng Awtoridad sa Pabahay at mga kalahok na kinilala alinman sa pamamagitan ng pangalan ng pulong o numero ng telepono

Tinawag na Pag-umpisa ang Pulong sa alas 9:38 ng umaga ni Tagapangulo (Chairperson) Carol Wollas na kinumpirma ang isang korum. Lahat ng miyembro ay naroroon.

Talaan ng pag-uusapan

I. **Pagtatanghal ng Bagay na Pang-impormasyon: Impormasyon ng RAB (Monique Mercier)**
   a. **Pangkalahatang impormasyon ng RAB:** Tinalakay nang detalyado kung paano binuo ang Lupon ng Tagapayo sa Residente (Resident Advisory Board), hinirang na mga miyembro, at kapag nagaganap ang mga pagpupulong.
   b. **Plano ng Ahensya:** Pagtatanghal sa tatlong bahagi ng plano kabilang ang limang taong mga pakay at layunin, taunang administratibong plano, at patuloy na patakaran sa pagsaklaw.
      i. **Mga Pakay at Layunin:** Pagtatanghal kung paano mapanatili at palawakin ang abot-kayang pabahay para sa mga nangangailangan, itaguyod ang FSS, mapanatili ang mahusay na serbisyo sa kostomer, at bumuo ng imprastraktura na naibabagay sa pangyayari.
   c. **Planong Administratibo ng HCV (HCV Administrative Plan):** Presentasyon sa lokal na mga patakaran at kinakailangan. Paalala sa mga pagpapaubaya at pleksibilidad (waivers and flexibility) ng COVID-19 na magtatapos sa katapusan ng taon, at ilang partikular na paghihigpit sa pagpopondo na paparating na.

II. **Pagtatanghal ng Bagay na Pang-impormasyon: Pagrereposisyon ng Pampublikong Pabahay (Public Housing Repositioning) (Anthony McCall)**

a. **Programa sa Pampublikong Pabahay:** Nagbigay ng kasaysayang impormasyon sa programa at mga partikular na ari-arian sa county.
b. **Mga Pinagmumulan ng Pagpopondo sa Pampublikong Pabahay Taon 20-21:** Tinalakay ang nakaraan at kasalukuyang mga badyet at inihambing ang mga halaga ng depisit ng mga nakaraang taon ng pananalapi.
c. **Pangangailangan sa Pagrereposisyon:** Tinalakay ang mga opsyon sa pagrereposisyon ng pampublikong pabahay, mga pangangailangan para sa pagrereposisyon, mga susunod na hakbang, at isang potensyal na palatakdaan ng oras sa pagrereposisyon.
d. **Mga Opsyon s aPagrereposisyon:** Tinalakay ang pagsasaayos ng kumbersyon ng pagrereposisyon at kung paano kakailanganin ang pahintulot ng mga residente.
e. **Palatakdaan ng Oras:** Ang naka-target na petsa para magsumite ng mga aplikasyon ay ika 1 ng Mayo, 2022, ngunit nabanggit na maaaring mas maaga ito kaysa sa na-target na petsa, at ipinaliwanag kung gaano katagal ang proseso.

Mga Tanong/ Komento (Monique Mercier, Anthony McCall):

Binuksan ang pulong para sa mga komento ng pangkalahatang dumalo. Nagbigay ang publiko ng mga komento para sa higit pang paglilinaw sa planong muling pagrereposisyon at kung paano ito makakaapekto sa mga residente ng pampublikong pabahay.

III. **Pangkalahatang-ideya ng Proseso ng Pagpapaupa (Robin Ramirez)**

a. **Hurisdiksyon at Pangkalahatang-ideya ng HACSD:** Pinaalalahanan ang mga dumalo sa hurisdiksyon ng HACSD at mga hurisdiksyon ng limang iba pang awtoridad sa pampublikong pabahay, at ang proseso ng pagpapaupa para sa HACSD.
b. **Pagpapasiya ng Subsidya sa Paupa:** Ang mga pagpapasiya ng subsidya sa pagpapaupa ay tinalakay kasama ang pamantayan ng pagbabayad, bahagi ng nangungupahan, at ang pagbabayad ng tulong sa pabahay.
c. **Mga Pamantayan sa Pagbabayad at Allowance sa Yutilidad:** Ang mga pamantayan sa pagbabayad at mga yutilidad ay ipinakita sa kung paano i-akses ang tsart ng pamantayan ng pagbabayad at iba pang nauugnay na impormasyon online. Ang mga dumalo ay naabisuhan na ang isang muling pagsusuri ng mga pamantayan ng pagbabayad ay isinasagawa at ang mga pamantayan sa pagbabayad ay mananatiling pareho habang naganap ang muling pagsusuri.
d. **Makatuwirang Pagrenta:** Isang pagtatanghal sa pagiging makatwiran sa upa ay ibinigay kasama ang mga pagpapasiya at pamantayan para sa mga pagpapasiya.
e. **Mga tanong/ komento (Robin Ramirez)**
Binuksan ang pulong para sa mga komento ng pangkalahatang dumalo. Nagbigay ng komento ang publiko tungkol sa karagdagang paglilinaw sa plano sa muling pagrereposisyon at kung paano ito makakaapekto sa mga residente ng pampublikong pabahay.

Mga mapagkukunan: website ng HACSD: www.sdhcd.org

Kahon ng email ng HACSD Board: HACSDBOARDS.HHSA@SDCOUNTY.CA.GOV para sa
Resident Advisory Negosyo ng Lupon

HCDS Ombudsperson: HCDS_RA_OMBUDSPERSON.HHSA@SDCOUNTY.CA.GOV **para sa lahat ng iba pang katanungan sa awtoridad sa pabahay**

IV. **Pagtatapos ng Pulong**

Dineklara ni Chairperson Carol Wollas na tapos na ang pulong sa alas 10:44 ng umaga

Ang susunod na petsa ng pagpupulong ay tutukuyin at ipapaskel sa itinalagang HCDS webpage para sa Lupon ng Tagapayo sa Residente (Resident Advisory Board).